
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 12:
## Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 12: Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gerlie R. Banico, Jessa Mae R. Pendon

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** **A**me Grace I. Pamongcales, Alemer O. Veloso

**Tagawasto:** **I**ris Kristine A. Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean Enriquez at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 12: Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto.

Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |

| | |
|---|---|
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Sa modyul na ito, matututuhan mong isalaysay ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas (F3PN-Ig-6.1, F3PN-IIf-6.4, F3PB-IIg-12.2, F3PB-IIIg-12.3, F3PN-IVh-6.6).

## Subukin

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.

Si Pam
ni: Girlie Ravara-Banico



Ito si Pam. Isa siyang batang matalino, masayahin at maganda. Mahilig siyang kumanta at sumayaw. Marunong din siyang tumula. Isa rin sa kinahihiligang gawin ni Pam ay ang pagguhit. Masaya si Pam tuwing siya ay gumuguhit. Marami-rami na rin ang kanyang naguhit gaya ng mga bundok, punong-kahoy, prutas, bulaklak at magagandang tanawin gaya ng palayan at karagatan. Araw-araw sa kanilang tahanan ay naging libangan na ni Pam na gumuhit ng mga bagay na nakapagpapasaya sa kaniya.

Sa lahat ng iginuhit ni Pam, ang larawan ng kaniyang mahal na pamilya ang pinakapaborito niya. Makikita rito sina Mang Pol at Aling Mari, ang mga magulang niyang palaging nakasuporta sa mga nais niyang gawin. Inaaruga at tinuturuan nila nang husto si Pam kaya naman siya naging mabait, matalino at mapagmahal na bata.

Sagutin ang sumusunod na tanong mula sa kuwentong napakinggan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

   ______________________________

2. Sino ang batang matalino, masayahin at maganda?

   ______________________________

3. Saan nangyari ang kuwento?

   ______________________________

4. Ano ang mga hilig gawin ni Pam?

   ______________________________

5. Bakit naging mabait, matalino at mapagmahal si Pam?

______________________________

# Aralin 1 — Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas

## *Balikan*

Buoin mo ang pangungusap at piliin ang angkop na salita na nasa panaklong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.
(pamagat, tauhan, tagpuan at banghay)

1. Ang ________________ang paksa ng kuwento.

2. Ang ________________ay ang lugar kung saan nangyayari ang kuwento.

3. Ang ____________________ang pangyayari o buod ng kuwento.

4. Ang___________________ang gumaganap sa mga kuwento.

5. "Ang Matalik Kong Kaibigan" ay halimbawa ng ____________.

## Tuklasin

Basahin at unawain mo ang kuwento at sagutin ang kasunod na mga tanong.

Ang Pamilya
ni: Girlie Ravara-Banico



Sina Mang Deon at Aling Elay ay masisipag at mapagmahal na mga magulang. Mayroon silang limang anak na nagsisikap mag–aral nang mabuti. Ito ay sina Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong. Mababait at masunurin ang kanilang mga anak kaya naman palaging masaya ang kanilang pamilya.

Tuwing walang pasok sa eskwela ay nagpupunta ang buong pamilya sa kanilang bukirin. Marami silang tanim na mga prutas gaya ng mangga, makopa, durian, santol at lansones.

Isang araw, nakita nilang nasisira ang mga bunga ng kanilang mga punong mangga dahil sa mga insekto. Agad nilang binalot ng lumang dyaryo ang mga bunga. Madaling natapos ang kanilang gawain. Talagang napakasaya ng pamilya kung lahat ay nagtutulungan at nagmamahalan.

I. Sagutin ang sumusunod sa sagutang papel. Pagtugmain ang Hanay A at Hanay B batay sa nabasang kuwento gamit ang linya/guhit.

Hanay A

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino-sino ang mga kasapi ng pamilya?
3. Saan sila pumupunta upang makasagap ng sariwang hangin?
4. Kailan sila pumupunta sa bukirin?
5. Bakit masaya ang kanilang pamilya?

Hanay B

A. Mang Deon, Aling Elay, Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong

B. kapag walang pasok

C. Ang Pamilya

D. dahil sila ay nagtutulungan at nagmamahalan

E. sa bukirin

II. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay. Punan ng tamang sagot ang mga patlang.

Ang pamagat ng kuwento ay 1____________________.
Sina 2________________ at Aling Elay ay masisipag at mapagmahal na mga magulang. Mayroon silang 3________________ na nagsisikap mag – aral nang mabuti. Ito ay sina Lelel, 4__________, Jing, 5__________ at Bong. 6________________ at 7________________ang kanilang mga anak kaya naman palaging masaya ang kanilang pamilya.

Tuwing 8________________ sa eskwela ay nagpupunta ang buong pamilya sa kanilang 9________________. Marami silang tanim na mga prutas gaya ng mangga, santol, durian, 10________________ at lansones.

Isang araw, nakita nilang 11_________ ang mga bunga ng kanilang mga punong 12___________ dahil sa mga 13 _________. Agad nilang 14___________ng lumang dyaryo ang mga bunga. Madaling natapos ang kanilang gawain. Talagang napakasaya ng pamilya kung lahat ay 15 _____________at nagmamahalan.

## Suriin

Sa pagsasalaysay sa teksto, dapat tandaan na sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas nagiging madali ang pagpili ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

Ang pagsasalaysay ay ang pagpapahayag na may layuning magkuwento ng mga pangyayari. May dalawang uri ng pagsasalaysay: pasalita at pasulat.

Kahulugan ng mga bahagi ng kuwento at mga halimbawa nito:

Pamagat- tungkol saan ang kuwento
Halimbawa: Ang Pamilya
Tauhan- ang mga gumaganap sa kuwento
Halimbawa: Mang Deon, Aling Elay, Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong
Tagpuan- lugar kung saan naganap ang kuwento
Halimbawa: bukirin
Suliranin- problema na nangyari sa kuwento
Halimbawa: nakita nilang nasisira ang bunga ng kanilang mga punong mangga dahil sa mga insekto
Solusyon- kasagutan sa problemang nangyari sa kuwento
Halimbawa: kumuha si Mang Deon at Aling Elay ng mga lumang dyaryo upang balutin isa-isa ang mga bunga
Katapusan- ano ang nangyari sa hulihan ng kuwento o wakas
Halimbawa: Pinagsaluhan nila ang masasarap na pagkain na inihanda ni Aling Elay.

Ang tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano (ASSaKaBaPa) ay halimbawa lamang ng pamatnubay na tanong.


Ang balangkas naman ay ang pagkakasunod-sunod ng importanteng detalye ng teksto. Ito ay isinusulat ng naaayon sa pagkakasunod ng mga pangyayari.

## Pagyamanin

Basahin at unawain mo ang kuwento at sagutin ang kasunod na mga gawain at tanong.


Hardin ni Mang Apolo

ni: Jessa Mae R. Pendon



Naisipan ng mga batang sina Lisa at Lito na pumunta sa hardin ni Mang Apolo upang maglaro ng habulan at taguan.

Namangha ang mga bata sa malawak na hardin ni Mang Apolo. Marami itong mga tanim na puno at mga prutas tulad ng santol, saging, papaya at bayabas. May makikita rin ditong mga ibong umaawit na madalas dumadapo sa mga puno.




Tuwang-tuwa naman si Mang Apolo na pagmasdan ang mga batang masasayang naglalaro sa kaniyang hardin.

Isang araw, hindi nakita ng mga bata na lumabas ng bahay si Mang Apolo. Dahil dito, naglakas-loob ang mga batang katukin ang kaniyang bahay.

Nilalagnat pala si Mang Apolo. Humingi ng tulong ang mga bata sa kanilang magulang. Nagamot si Mang Apolo sa ospital at naalagaan nang maayos kaya siya gumaling.


I. Mula sa nabasang kuwento, punan ang **graphic organizer.** Piliin ang tamang sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Mang Apolo, mga bata | hardin |
| Hardin ni Mang Apolo | |



II. Punan ang graphic organizer ng letra ng tamang sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

a. Humingi ng tulong ang mga bata sa kanilang magulang.
b. Naglalaro ang mga batang sina Lisa at Lito sa malawak na hardin ni Mang Apolo.
c. Isang araw, hindi nila nakitang lumabas si Mang Apolo dahil may lagnat ito.
d. Nagamot si Mang Apolo sa ospital at naalagaan nang maayos kaya siya gumaling.



III. Batay sa kuwentong binasa mo, ibalangkas ang sumusunod na pangayayari sa tulong ng pamatnubay na tanong na nasa graphic organizer. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Ginamot siya sa ospital. |
| Naglalaro ang mga batang sina Lisa at Lito sa hardin ni Mang Apolo. |
| Ang mga bata ay humingi ng tulong sa kanilang mga magulang. |
| Marami siyang tanim na puno at prutas sa kaniyang hardin. |
| Naglakas loob ang mga batang katukin ang kaniyang bahay. |

Graphic Organizer

| |
|---|
| 1. Ano ang ginawa ng magkakaibigan nang malamang may sakit si Mang Apolo? ____________________ ____________________ |
| 2. Saan ginamot si Mang Apolo noong siya ay nagkasakit? ____________________ ____________________ |
| 3. Ano ang ginagawa ng mga bata sa hardin ni Mang Apolo? ____________________ ____________________ |
| 4. Ano ang ginawa ng mga bata nang hindi nila nakitang lumabas sa bahay si Mang Apolo? ____________________ ____________________ |
| 5. Ano ang nasa bakuran ni Mang Lino? ____________________ ____________________ |

## Isaisip

Sa pagsasalaysay muli ng teksto dapat mong tandaan ang sumusunod na elemento teksto/kuwento: pamagat, tauhan, tagpuan, problema, solusyon at pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Nakatutulong ang mga pamatnubay na tanong at balangkas upang mas maging madali ang pagpili ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

Ang tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano (ASSaKaBaPa) ay halimbawa ng pamatnubay na tanong.

## Isagawa

Isalaysay ang kuwentong binasa na may pamagat na "Hardin ni Mang Apolo" sa tulong ng mga gabay na katanungan. Punan ng tamang sagot ang mga patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

Ang kuwento ay tungkol sa ______________________________________
______________________________________________________________

2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?

Ang mga tauhan sa kuwento ay sina ____________________________
______________________________________________________________

3. Saan naganap ang kuwento?

| |
|---|
| Ang kuwenrto ay naganap sa ________________________________ |

4. Ano ang masayang pangyayari sa kuwento?

| |
|---|
| Tuwang-tuwa si Mang Apolo na ________________________________<br>______________________________________________________________ |

5. Ano ang suliranin sa kuwento?

| |
|---|
| Si Mang Apolo pala ay ________________________________________ |

6. Ano ang solusyon sa suliranin?

| |
|---|
| Naglakas loob ang mga bata na ________________________________<br>______________________________________________________________ |

7. Ano ang katapusan ng kuwento?

| |
|---|
| Ginamot si Mang Apolo sa _____________________________________<br>______________________________________________________________ |


8. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong nabasa?

| |
|---|
| Ang natutuhan ko sa kuwentong nabasa ay _____________________<br>______________________________________________________________<br>______________________________________________________________ |

# Tayahin

Basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod na tanong.

Ang Batang si Pat
ni: Girlie Ravara-Banico



Si Pat ay isang malusog na bata. Mahilig siyang kumain ng gulay, isda at prutas. Palagi rin siyang umiinom ng gatas at nag-eehersisyo kaya malakas ang kaniyang katawan.

Pangarap ni Pat na maging isang sundalo gaya ng kaniyang tatay Bon. Hangang-hanga siya sa kaniyang ama. Tinuturuan rin siya nito sa paglalangoy at pangingisda.

Habang naglalaro, nakarinig siya ng batang sumisigaw ng saklolo sa may gawing sapa. Nakita niya ang isang batang nalulunod. Sinagip niya ang bata at inihatid ito sa kaniyang bahay.

Tunay ngang magiging magaling na sundalo si Pat pagdating ng panahon.

Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay na tanong at balangkas gamit ang **story strips**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| si Pat |
| Ang Batang si Pat |
| sapa |
| Tunay ngang magiging magaling na sundalo si Pat pagdating ng panahon. |
| Nakarinig siya ng boses na humihingi ng saklolo, agad na tinulungan ni Pat ang batang nalulunod sa sapa. |
| Pangarap niyang maging isang sundalo kaya tinuturuan si Pat ng kaniyang ama ng paglangoy at pangingisda. |
| Si Pat ay mahilig mag ehersisyo at kumain ng masusustansiyang pagkain para maging malakas ang kaniyang katawan. |
| Pagkatapos niyang sagipin ang bata ay inihatid niya ito sa kaniyang bahay. |
| Sinagip siya ni Pat sa pagkalunod at inihatid sa bahay |
| Nalunod ang bata sa sapa. |

Ginabayang balangkas ng kuwento:

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
Ang pamagat ng kuwento ay
________________________________________.

2. Saan naganap ang kuwento?
Ang kuwento ay nangyari sa ______________.

3. Sino ang tauhan sa kuwento?
Ang tauhan sa kuwento ay si ______________________.

4. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento? Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari.

_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________


5. Ano ang suliranin ng kuwento?

6. Ano ang solusyon sa suliranin ng kuwento?

## Karagdagang Gawain

Basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod na tanong.

Si Allen at Si Ningning
ni: Girlie Ravara-Banico



Sina Allen at Ningning ay magpinsan. Si Allen ay nasa ikatlong baitang na samantalang si Ningning ay nasa unang baitang pa lang. Tuwing umaga ay dinadaanan ni Allen si Ningning sa kanilang bahay upang sabay na sila sa pagpasok sa paaralan.

Mabait na kuya si Allen. Palagi niyang binibigyan ng baon si Ningning at tinutulungan ito sa kaniyang mga takdang-aralin. Magkasundung-magkasundo ang magpinsan. Hinahatiran ni Ningning ang kaniyang Kuya Allen ng mga kakaning gaya ng biko at suman. Sabay nila itong kinakain habang nanonood ng kanilang paboritong palabas sa telebisyon na cartoons.

Isalaysalay muli ang buong kuwentong nabasa sa tulong ng mga balangkas ng story strips na may larawan. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Mabait na kuya si Allen. Palagi niyang binibigyan ng baon si Ningning.



Hinahatiran ni Ningning ang kanyang Kuya Allen ng mga kakaning gaya ng biko at suman. Sabay nila itong kinakain habang nanonood ng kanilang paboritong palabas sa telebisyon na *cartoons.*



Tuwing umaga ay dinadaanan ni Allen si Ningning sa kanilang bahay upang sabay na sila sa pagpasok sa paaralan.




Sina Allen at Ningning ay magpinsan. Si Allen ay nasa ikatlong baitang na samantalang si Ningning ay nasa unang baitang pa lang.



Tinutulungan ni Kuya Allen si Ningning sa kanyang mga takdang-aralin.

# Susi sa Pagwawasto

ISAGAWA

1. Hardin ni Mang Apolo
2. Mang Apolo, Lisa at Lito
3. sa hardin ni Mang Apolo
4. pagmasdan ang mga batang masayang naglalaro sa kaniyang hardin
5. may lagnat
6. katukin ang bahay ni Mang Apolo
7. sa ospital, naalagaan nang maayos kaya siya gumaling
8. tumulong sa taong may sakit

Tayahin

1. Ang Batang si Pat
2. Si Pat
3. sapa
4. Si Pat ay mahilig mag ehersisyo at kumain ng masusustansiyang pagkain para maging malusog ang kaniyang katawan.
   Pangarap niyang maging isang sundalo kaya tinuruan si Pat ng kaniyang ama ng paglangoy at pangigisda.
   Nakarinig siya ng boses na humihingi ng saklolo, agad na tinulungan ni Pat ang batang nalulunod sa sapa.
   Pagkatapos niyanga sagipin ang bata ay inihatid niya ito sa bahay.
   Tunay ngang magiging magaling na sundalo si Pat pagdating ng panahon.
5. Nalunod ang bata sa sapa.
6. Sinagip ni Pat sa pagkakalunod at inihatid sa bahay nila.

KARAGDAGANG GAWAIN

3

5

2

1

4

SUBUKIN

1. Si Pam

2. si Pam

3. sa tahanan

4. kumanta, sumayaw, tumula at gumuhit

5. inaaruga at tinuuruan nang huso ng kanang mga magulang

Balikan

1. pamagat
2. tagpuan
3. banghay
4. tauhan
5. pamagat

Tuklasin

I. 1. C 2. A 3. E 4. B 5. D

II. 1. Ang Pamilya, 2. Mang Deon, 3. limang anak, 4. Sugar, 5. Jam,
6. Mababait , 7. masunurin, 8. walang pasok, 9. bukirin ,
10. makopa,
11.nasisira 12.mangga 13.insekto 14. binalot
15. nagtutulungan

PAGYAMANIN

I.
Pamagat ng kuwento – Hardin ni Mang Apolo
Tauhan – Mang Apolo, mga bata
Tagpuan – hardin

II.
Unang pangyayari – B
Suliranin – C
Solusyon – A
Katapusan – D

III.
1. Humingi sila ng tulong.
2. Dinala siya sa ospital.
3. Naglalaro ang mga bata sa hardin.
4. Naglakas-loob silang katukin ang kaniyang bahay.
5. May mga puno at prutas sa kaniyang hardin.

# *Sanggunian*

Amaflor, Alde, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Cardinoza, Florenda, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Magallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Roller, Jeny-Lyn Trapane at Mercelita Salazar. *Batang Pinoy Ako Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 3.* Pasig: Lexicon Press, Inc. 2014, 39- 40, 59-60

Cardinoza, Florenda, Jenny-Lyn Trapane, Amaflor Alde, Agnes G. Rolle, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Margallo, Mercelita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro, at Modesta Jaurigue, *Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro 3.* Pasig: REX Bookstore, 2015, 67, 114-123.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph